Gumugol ka o Gumastos ka,o Magbigay ka,Huwag kang Humadlang At hahadlangan ni Allah {ang biyaya} sa iyo,at huwag kang mag-imbag,at mag-iimbag [Maging maramot] ang Allah sa Iyo

Ayon kay `Ā’sma` bint Abū Bakr, malugod si Allah sa kanilang dalawa.-Nagsabi siya:Sinabi sa akin ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((huwag kang {mag-ipon} at maging maramot,at magiging Maramot { Ang Allah} sa iyo)) at sa isang salaysay:((Gumugol ka o Gumastos ka,o Magbigay ka,Huwag kang Humadlang At hahadlangan ni Allah {ang biyaya} sa iyo,at huwag kang mag-imbag,at mag-iimbag [Maging maramot] ang Allah sa Iyo))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagsabi ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kay Asma bint Abu Bakar Assidiq-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Huwag kang magpondo at tinitipid mo ang nasa sa iyo at pinipigilan mo ang nasa kamay mo,at mapuuptol ang mga bagay na biyaya sa iyo,At ipinag-utos niya sa kanya ang paggugol sa kaluguran ni Allah Pagkataas-taas Niya,At huwag mong isipin ang takot na maputol ang biyaya,at magiging dahilan ito ng pagtigil mo sa paggugol,at ito ang ibig sabihin niya sa:((At hahadlangan ni Allah {ang biyaya} sa iyo)at huwag mong pigilan ang kainaman ng yaman para sa mga Dukha,at pipigilan ni Allah ito sa iyo ang kainaman nito at haharangin sa iyo.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5823